Shopping Bags

SINGLE-USE & PLASTIC WASTE PREVENTION REGULATION

gov.bc.ca/reuse

Ano ang shopping bag? Ito'y tumutukoy sa bagong carrier bags (tulad ng grocery bags) na ibinibigay sa mga customer, kadalasan sa checkout.

Ano ang dapat mong malaman

Simula Disyembre 20, 2023 ay ipagbabawal na sa Canada ang single-use plastic shopping bags.

IPINAGBABAWAL

Simula Hulyo 15, 2024 ay dapat na sumingil ang mga negosyo sa B.C. ng fee para sa bagong reusable at bagong paper bags.

KAILANGANG MAGBAYAD NG FEE

Ano ang dapat mong gawin

1. Itigil ang paggamit ng plastic checkout bags

Huwag bigyan ang mga customer ng single-use plastic shopping bags, kasama dito ang gawa sa compostable, biodegradable, o oxo-degradable plastic.

2. Alukin ang mga customer ng opsyon na gamitin ang kanilang sariling bag o na huwag gumamit ng bag

Magpaskil ng sign o banggitin ito sa cash register. I-download ang aming reusable bag poster sa **gov.bc.ca/reuse**.

3. Sumingil ng fees para sa reusable at paper shopping bags

- Sumingil ng $2 man lamang para sa bawat bagong reusable shopping bag at 25¢ man lamang para sa bawat bagong recycled paper shopping bag.
- Maagang sabihan ang mga customer tungkol sa fee at ipakita sa isang hiwalay na line item sa mga resibo ang anumang fee na siningil para dito.
- Maaari mong gamitin sa anumang paraan ang fees na kinolekta mo:
  para i-offset ang iyong mga gastos, halimbawa, o para mag-invest sa isang take-a-bag/leave-a-bag program

4. Maingat na piliin ang reusable bags at paper bags

- Siguraduhin na ang anumang reusable shopping bags na iaalok mo ay durable – **dinisenyong magamit muli at malabhan sa washing machine nang 100 beses man lamang.**
- Siguraduhin na ang anumang bagong recycled paper shopping bag na inaalok mo ay may **kahit 40% man lamang na recycled paper** content at na ito'y may label na "recyclable", at nakasulat ang porsiyento ng recycled content na nilalaman nito.

5. Magtago ng mga record

Kung ikaw ay isang malaking negosyo o bahagi ng isang franchise na may 500 o mahigit pang empleyado sa B.C., magtago ng record ng karaniwang bilang ng bagong reusable at recycled paper shopping bags na ibinibigay mo para sa bawat sale. Ang mga record ay dapat itago nang dalawang kalendaryong taon.

Ang fact sheet na ito ay bahagi ng isang toolkit na ginawa para tulungan ang mga negosyo sa B.C. na tumupad sa regulasyon.

Naghahanap ka ba ng ibang mga magagamit sa halip ng single-use plastics? Hanapin ang aming handy alternatives guide at fact sheets tungkol sa ibang mga ipinagbabawal na items, at karagdagang tools na maaaring i-print – kabilang na ang posters at signs na magagamit mo para sabihan ang iyong staff at customers – sa **gov.bc.ca/reuse**.

Sa pamamagitan ng Single-Use and Plastic Waste Prevention Regulation ay unti-unti nang inaalis ng B.C. ang maraming single-use plastic items na mahirap i-recycle. Binabawasan nito ang waste, prinoprotektahan nito ang ating kapaligiran, at lumilikha ito ng mas malinis na kinabukasan para sa lahat ng British Columbians.

BRITISH COLUMBIA | Ministry of Environment and Climate Change Strategy

Ang mga bag na ito ay exempt sa ilalim ng regulasyon at maaaring ialok sa mga customer nang libre.

MGA HINDI KASAMA

Used shopping bags

Maliliit na paper bags na ang sukat ay 15 x 20 cm flat

Recycled paper bags para sa food delivery at drive-through orders, pero HINDI para sa takeout

Bags na available in-store para sa mga prutas at gulay, bulk foods, mga halaman, karne, at frozen foods

Recycled paper bags para sa mga de-resetang gamot at medical devices

Reusable bags at recycled paper bags na ginamit ng mga non-profit na organisasyon para mag-distribute ng pagkain at ng hygiene products